REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

# KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 16-057

## KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG AKREDITASYON NG SAMAHAN NG PINAGKAKAISANG JEEPNEY OPERATOR DRIVER ASSOCIATION, INC., NA MATATAGPUAN SA 320 SITIO PAGKAKAISA ZONE 4, BARANGAY SUCAT, MUNTINLUPA CITY.

******************************************************************************************

**Ipinanukala nina:** ***Kgg. Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Kon. Stephanie G. Teves***
***Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga***
***Kgg. Kon. Alexander B. Diaz***
***Kgg. Kon. Ivee Rhia Arciaga-Tadefa***
***Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo***
***Kgg. Kon. Christine May A. Abas***
***Kgg. Kon. Marissa Cole-Rongavilla***
***Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes***
***Kgg. Kon. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla***
***Kgg. Kon. Victor L. Ulanday***
***Kgg. Kon. Grace B. Gonzaga***
***Kgg. Kon. Walter A. Arcilla***

******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** Alinsunod sa *Seksiyon 34* ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, *"tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng local na awtonomiya";*

**SAPAGKAT,** isinasaad ng *Kautusang Panlungsod Bilang 01-024* na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang ***Samahan ng Pinagkakaisang Jeepney Operator Driver Association, Inc.,*** ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibiyahe sa Lungsod ng Muntinlupa, matapos itong makakuha ng prangkisa sa *Land Transportation Office Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB)*;

**SAPAGKAT,** ang ***Samahan ng Pinagkakaisang Jeepney Operator Driver Association, Inc.,*** ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng *Ordinance No. 05-040,* na inamyendahan ng *Ordinance No. 06-093* ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ordinansa para sa akreditasyon;

**SAPAGKAT,** ang akreditasyon ng ***Samahan ng Pinagkakaisang Jeepney Operator Driver Association, Inc.,*** ay magsisimula sa petsa ng pagpapatibay ng resolusyon na ito at magkakabisa ng *tatlong (3) taon*;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Website: www.muntinlupacity.gov.ph
Telefax No.: 861-0181

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng akreditasyon sa ***Samahan ng Pinagkakaisang Jeepney Operator Driver Association, Inc.,*** ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB) para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

**NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng 8th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipinagkakaloob ang aplikasyon para sa akreditasyon ng ***Samahan ng Pinagkakaisang Jeepney Operator Driver Association, Inc.,*** na matatagpuan sa ***320 Sitio Pagkakaisa Zone 4, Barangay Sucat, Muntinlupa City.***

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang nasabing samahan.

**PINAGTIBAY,** ng 8*th* ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa***, ngayong ***ika-26 ng Setyembre, 2016,*** sa kanilang ***11th Regular na Pagpupulong***.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Miyembro*

**KON. STEPHANIE G. TEVES**
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. LOUISITO A. ARCIAGA**
*Miyembro*

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**
*Miyembro*

**KON. IVEE RHIA ARCIAGA-TADEFA**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. MA. DHESIREE G. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. CHRISTINE MAY A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. MARK LESTER M. BAES**
*Miyembro*

**KON. RAFAEL T. SEVILLA**
*Miyembro*

**KON. VICTOR L. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. GRACE B. GONZAGA**
*Miyembro*

**KON. WALTER A. ARCILLA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Liga ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**CELSO C. DIOKO**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**KON. BAL NIEFES**
*Miyembro*

**KON. RINGO A. TEVES**
*Miyembro*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUTUNAYAN:**

**KON. LUCIO B. CONSTANTINO**
*Tumatayong Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* OCT 0 4 2016

***Norie/8th SP***